

Paaralan ng wikang dayuhan ng Pamantasan ng Tokyo Tanggapan para sa edukasyon at pananaliksik ng iba't ibang wika at kultura



Center for Multilingual Multicultural Education and Research

CENTER
FOR
MULTILINGUAL
MULTICULTURAL
EDUCATION
AND
RESEARCH

Paghahanap ng solusyon sa mga lumalabas na problemang panglipunan mula sa pagdami ng wikang dayuhan at pagkakaroon ng iba't ibang kultura sa bansang hapon.

Ang Paaralan ng wikang dayuhan ng Pamantasan ng Tokyo ay nakatalaga sa pagbibigay ng mga taong mahusay na makagaganap sa ibang bansa. Ang pangdaigdigang pagunlad ay nagpapahiwatig ng mga problema sa bansang Hapon dahil sa pagdami ng mga wikang dayuhan at iba't ibang kultura. Upang makatugon sa problema sa pangangailangan ng mga taong may mataas na kalidad, ang Pamantasan ay nagtatag ng Tanggapan para sa pag-aaral at pananaliksik ng iba't ibang wika at kultura noong Abril ng taong 2006.

Sa loob ng limang taon mula noong taong 2006 hanggan sa taong 2010, ipinaliwanag namin ang direksiyon ng Tanggapan sa pamamagitan ng Proyekto para sa edukasyon at pananaliksik ng iba't ibang wikang dayuhan at kultura, sa layuning maunawaan ang mga suliranin na may kaugnayan sa iba't ibang wika at kultura sa bansang Hapon sa pamamagitan ng tatlong lugar ng aktibidad: tulad ng edukasyon, pananaliksik at panglipunang samahan habang kinikilala ang mga problemang idinulot ng pagdami ng mga kultura sa loob ng bansa. Sa pamamagitan nito, nakita ang pangangailangan ng pagpapa-unlad ng mga taong makakatulong sa paglutas ng iba't ibang problemang idinulot ng pagdami ng wika at kultura sa bansa.

Sa loob ng limang taon mula sa taong 2011 hanggan sa taong 2015, sa pamamagitan ng tatlong aktibidad tulad ng edukasyon, pananaliksik at panglipunang samahan, isasagawa ng Pamantasan ang Proyektong pagpapaunlad ng talento ng mga tao para sa iba't ibang kultura sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa edukasyon at pananaliksik ng 27 na wika at kultura sa Pamantasang ito.



Tagapamahala ng Tanggapan: Toru Aoyama



Pagtitipon sa paggunita ng pagbubukas ng Tanggapan (July 8, 2006)

Buod ng Proyektong pagpapaunlad ng talino para sa lipunang may iba't ibang kultura


Sa pamamagitan ng tatlong aktibidad tulad ng edukasyon, pananaliksik at panglipunang samahan, sisikapang paunlarin ang mga may talino na kailangan para sa lipunan na may iba't ibang kultura. Sa edukasyon, ibinibigay ang edukasyong akma para sa mga departamento. Sa pasasaliksik, isinasagawa ang praktikal na pagsasaliksik tungkol sa mga isyu ng lipunan sa pagdami ng wikang dayuhan at kultura sa pakikipagtulungan ng mga mananaliksik at ng mga dalubhasa sisikapang ding itaguyod ang kurikulum para sa pagpapaunlad ng mga dalubhasa at ng panuntunan ng pagpapatunay. Sa panglipunang samahan, sa pamamagitan ng resulta ng pananaliksik, isinasagawa ang karagdagang edukasyon para sa mga tao at ang mga proyektong panglipunan tulad ng pagtulong sa mga dayuhan.

Ang mga sumusunod ay mga trabaho at mga tungkulin para sa mga tao na makatutulong sa lipunang may iba't ibang kultura.

[Trabaho at mga talentong kinakailangan para sa mga dalubhasa sa lipunang may iba't ibang kultura]

Trabaho	Mga tungkulin
Punong tagapagayos para sa lipunang may iba't ibang kultura	Ang mga problemang hinaharap ng lipunang may iba't ibang kultura ay masalimuot sa iba't ibang bahagi. Ang tungkulin ng punong tagapag-ayos para sa lipunang may iba't ibang kultura ay ang pagtataguyod ng bagong gawain at sistema base sa praktikal na kaalaman tungkol sa kultura kung saan dumarami ang wika at kultura upang lutasin ang mga problema na hindi lamang pang-sarili kundi ang mga problemang panglipunan.
Tagapagsalin ng salita sa komunidad	Marami ang mga problemang hinaharap ng mga dayuhang nakatira sa bansa tulad ng problemang pangpulitika, pang-edukasyon, pangkalusugan, pangbatas at iba pa. Ang tagapagsalin ng salita sa komunidad ay magiging tulay para sa mga dayuhan sa bansang ito sa pamamagitan ng pagtulong sa mga dayuhan gamit ang kaalaman, kaunawaan sa lipunang may iba't ibang wika, kultura at ang kakayanan sa pagsasalin ng wikang dayuhan.
Tagapagturo ng wikang hapon para sa mga bata at sa komunidad	Sinisikap paunlarin ang mga dalubhasang makatutulong sa lipunang may iba't ibang wika at kultura sa pamamagitan ng kurikulum sa pagtuturo ng wikang Hapon na nakatuon sa mga bata at komunidad.

Tatlong pangunahing aktibidad ng Tanggapan



Ang kalagayan ng pagtatayo ng Tanggapan

Layunin ng pagtatayo

Bilang resulta ng pangdaigdigang pag-unlad, dumarami ang mga bansang nakakaranas ng pagdami ng mga taong lumilipat sa ibang bansa. Isa dito ang bansang Hapon. Ang 2% ng populasyon ng bansa ay binubuo ng mga dayuhan at ito ang nagiging sanhi ng pagdami ng wika at kultura sa bansa. Sa panahon ngayon na mabilis na dumarami ang mga dayuhang permanenteng tumitira sa bansa, dumarami rin ang iba't ibang mga problema na dala ng kalagayang ito at sa lalong madaling panahon ay kailangan itong tugunan.

Sa ganitong kalagayan, noong oktubre, taong 2004 itinatag ng Paaralan ng wikang dayuhan ng Pamantasan ng Tokyo ang tanggapan ng pang iba't ibang kulturang panglipunang bilang tulong pang-edukasyon para suportahan ang mga boluntaryong gawain ng mga estudyante at upang magamit nila ang kanilang pinag-aralan sa Pamantasan. Ang gawaing iyon ay nagbunga ng tagumpay tulad ng pagsuporta sa pag-aaral ng mga dayuhang estudyanteng nakatira sa bansa at pagsusulong ng edukasyon ukol sa pangdaigdigang pag-unawa sa pamamagitan ng pakikipagtulungan ng lokal na komunidad, ng sangguniang-edukasyon, ng mababang paaralan at ng gitnang paaralan. Ngayon, hinihingi ng pamahalaang lokal ang pagsuporta sa tanggaping ito.

Sa ganitong kalagayan, itinayo ng Paaralan ng wikang dayuhan ng Pamantasan ng Tokyo ang Tanggapan para sa edukasyon at pananaliksik ng iba't ibang wika at kultura upang ganapin ang misyon ng pagpapa-unlad ng mga taong may talento, ang misyon ng pagpapalaganap ng pananaliksik, at ang misyon ng pagtulong sa lipunan, noong taong 2006 na may matibay na pag-unawa sa kahalagahan ng paglutas sa mga problemang idinulot ng pagdami ng wika at kultura na hinaharap ng lipunan ng Hapon. At mula noong taong 2007, isinama ang tanggapan ng pang iba't ibang kulturang panglipunang tulong pang-edukasyon sa Tanggapan para sa edukasyon at pananaliksik ng iba't ibang wika at kultura upang maglaan ng suporta sa mga buluntaryong gawain ng mga estudyante.

Ang layunin ng Tanggapan para sa edukasyon at pananaliksik ng iba't ibang wika at kultura ay tumulong sa paglutas ng mga problema ng lipunang may iba't ibang wika at kultura sa larangan ng edukasyon, pananaliksik at panglipunang samahan para sama-samang makapamuhay ng payapa ang mga taong may iba't ibang wika at kultura na kung saan walang pagtatangi, walang maling pagtingin sa iba at walang pag etsa pwersa.

Kasaysayan

- Sa taong 2004, itinatag ang tanggapan ng iba't ibang kulturang panglipunang tulong pang-edukasyong. (sa loob ng taong 2004-2006) Isinagawa ang "GP Today", pagsuporta sa pag-aaral ng mga dayuhang estudyanteng nakatira sa Hapon.
- **Sa taong 2006, Itinayo ang Tanggapan para sa edukasyon at pananaliksik ng iba't ibang wika at kultura.** (sa loob ng taong 2006-2010) Isinagawa ang proyektong pang-edukasyon at pananaliksik ng iba't ibang wika at kultura. Sa taong 2007, isinama ang tanggapan ng iba't ibang kulturang panglipunang tulong pang-edukasyong sa Tanggapan para sa edukasyon at pananaliksik ng iba't ibang wika at kultura. Isinagawa rin ang sumusunod na proyekto na hindi ginamit ang pondong laan ng proyekto. Sa loob ng taong 2006-2008, isinagawa ang proyektong pagpapaunlad ng mga materyales para sa pagtuturo sa mga estudyanteng taga-Brazil na naninirahan sa Hapon sa pakikipagtulungan ng Mitui&Co, Ltd.. Sa loob ng taong 2007-2009, isinagawa ang programang pagsasanay ng mga punong tagapag-ayos ng lipunang may iba't ibang kultura na inatasan ng Ministry ng Edukasyon. Sa loob ng taong 2011-2015 (sa kasalukuyan), isinasagawa ang proyektong pagsasanay ng mga taong may talento sa lipunang may iba't ibang kultura.



Gawain para suportahan sa pag-aaral ang mga estudyanteng taga ibang bansa



Pagtitiipon ng panglipunang pananaliksik ng iba't ibang wika at kultura sa mundo


Pangkalahatang programa ng lipunang may iba't ibang wika at kultura

Simula sa gitna ng taong 2012, ang Paaralan ng wikang dayuhan ng Pamantasan ng Tokyo ay bumuo ng dalawang departamento; ang departamento ng paaralan ng wika at kultura at ang departamento ng paaralang pangdaigdig at rehiyon. (tingnan ang diagram na nasa baba) Bilang bahagi ng programa ng pangdaigdigang malayang sining at ng pag-aaral sa paglalapat ng wika at komunikasyon, inihahanda ng Tanggapan para sa edukasyon at pananaliksik ng iba't ibang wika at kultura ang pangkalahatang programa ng lipunang may iba't ibang wika at kultura na kung saan pinag-aaralan ang tungkol sa lipunang may dumaraming wika at kultura. Sa programa ng pangdaigdigang malayang sining*,

pinag-aaralan ng lahat ng magtatapos sa Pamantasan ang pangkalahatang kaalaman patungkol sa mga katangian ng lipunang may iba't ibang wika at kultura. Sa mga natatanging asignatura sa kurso ng pag-aaral sa paglalapat ng wika at komunikasyon, pinag-aaralan ang pundasyon para likhain ang lipunan na puwedeng makapanirahan ng sama-sama ang mga taong may iba't ibang wika at kultura. *Tingnan ang nilalaman ng pangkalahatang programa ng lipunang may iba't ibang wika at kultura.

* Tingnan ang nilalaman ng pangkalahatang programa ng lipunang may iba't ibang wika at kultura.

[Bagong mga departamento ng Paaralan ng wikang dayuhan ng Pamantasan ng Tokyo]



Nilalaman ng pangkalahatang programa ng lipunang na may iba't ibang wika at kultura

■ Kurso ng pangdaigdigang pag-aaral

- Panimula sa teoriya ng lipunang may iba't ibang wika at kultura I
- Panimula sa teoriya ng lipunang may iba't ibang wika at kultura II
- Teoriya ng lipunang may iba't ibang wika at kultura
- Nakaraan at kasalukuyang lipunang may iba't ibang wika at kultura
- Praktikal na pag-aaral ng lipunang may iba't ibang wika at kultura

■ Mga natatanging kurso

Ang programa ng pag-aaral sa paglalapat ng wika at komunikasyon sa paaralan ng wika at kultura ay binubuo ng kurso ng tagapagsalin ng salita sa komunidad at ng kurso ng punong tagapag-ayos sa lipunang may iba't ibang wika at kultura. At sa kursong ito, inihahanda ang mga pag-aaral na nagbibigay tuon sa pagtuturo ng wikang Hapon para sa mga bata at sa komunidad bilang tugon sa lipunang may iba't ibang wika at kultura sa bansa.

- Panimula sa pakikipagtalastasang pangwika at panglipunan
- Panimula sa pagsasaayos ng lipunang may iba't ibang wika at kultura
- Panimula sa pagsasalin ng salita sa komunidad
- Praktikal na Ingles
- Praktikal na wikang dayuhan (bukod sa wikang Hapon)
- Interno (internship) ng punong tagapag-ayos sa lipunang may iba't ibang wika at kultura
- Interno (internship) ng tagapagsalin ng salita sa komunidad
- Pananaliksik ng punong tagapag-ayos ng lipunang may iba't ibang wika at kultura
- Pananaliksik ng tagapagsalin ng salita sa komunidad

Mga katangian:

Ang natatangi sa uri ng kursong ito ay ang mga sumusunod:

- Pag-aaral sa pamamagitan ng aktibong pagsali upang palalimin ang pag-unawa.
- Pagtuturo sa pamamagitan ng panauhing tagapagtuturo aktibo sa larangan ng lipunang may iba't ibang wika at kultura
- Pag-aaral sa pamamagitan ng aktuwal na paglilingkod. (Bilang isang bahagi ng edukasyon, isinasagawa ang pag-aaral sa pamamagitan ng pagsali sa mga gawaing paglilingkod sa komunidad)



Panimula sa teoriya ng lipunang may iba't ibang wika at kultura.



Pagsulong ng boluntaryong gawain ng mga estudyante (kalawakan/space ng mga boluntaryong gawain)

Ang Paaralan ng wikang dayuhan ng Pamantasan ng Tokyo ang kaisa-isang pambansang pamantasan ng mga wikang dayuhan na nagtuturo ng 27 na iba't ibang wika. Itinatag ng Pamantasan ang "kalawakan/space ng mga boluntaryong gawain" (silid 206 ng gusali para sa pananaliksik at pagtuturo) upang isulong ang mga boluntaryong gawain ng mga estudyante na makakatulong sa lipunan habang nagagamit ang mga katangian ng mga estudyanteng nag-aaral ng wika at kultura ng mundo. Ang kalawakan na ito ay pinapangasiwaan ng punong tagapag-ayos ng mga boluntaryo.

Sa pakikipagtulungan ng mga kalapit na lunsod, isinasayaos ang mga gawain upang suportahan ang pag-aaral ng mga batang taga ibang bansa at isinasagawa rin ang mga gawain kasama ng mga dayuhang estudyante upang palalimin ang pag-unawa sa iba't ibang wika at kultura. Isinasagawa rin ng Tanggapan ang mga pagsasanay/workshop bilang panimula sa pagbuluntaryo ng mga estudyante upang tulungan sila sa paggawa ng sariling boluntaryong gawain at pagpapaulad sa ibang mga bagong programa.



Panimula sa pagboluntaryo ng mga estudyante

Panglipunang samahan

Mga kurso para sa pagpapaunlad ng mga dalubhasa sa iba't ibang wika at kultura

Habang dumadami ang mga wika at kultura sa bansa, ang kaibahan ng wika at kultura ay nagdudulot ng iba't ibang problema katulad ng maling pag-unawa, hidwaan at mga problemang idinudulot ng kaibahan ng sistema. Sa ganitong kalagayan lubhang mahalaga ang pagpapaunlad ng mga taong may kakayanang tumugon sa ganitong mga problema. Ang layunin ng Tanggapan ay tumugon sa ganitong pangangailangan sa pamamagitan ng pagbibigay ng kurso ng punong tagapag-ayos sa lipunang may iba't ibang wika at kultura at ng kurso ng tagapagsalin ng salita sa komunidad bilang Programa ng pagpapaunlad ng mga dalubhasa sa iba't ibang wika at kultura na ginaganap sa bukas na paaralan sa publiko (Open academy) ng Paaralan ng wikang dayuhan ng Pamantasan ng Tokyo. (Tingnan ang daiagram na nasa kanan)

■Sino ang punong tagapag-ayos ng lipunang may iba't ibang kultura?


Sila ang mga dalubhasang makagagawa at makapagsasagawa ng mga gawain patungo sa lipunang na kung saan ang mga tao ay makapaninirahang sama-sama sa kabila ng kaibahan ng wika at kultura sa pamamagitan ng paraan ng "pagsali" → "pakikipagtulungan" → "Paglikha" upang makamit ang mabuting pakikipagtalastasan, ang pagkakaisa ng damdamin at ang paglutas ng problema sa lahat ng organisasyon.

■Sino ang tagapagsalin ng salita sa komunidad?

Sila ang mga dalubhasang magiging tulay sa lipunan upang masuportahang maisalin ang mga salita para sa mga minorityang nahihirapan sa wika.

<Sistema ng sanggunian ng mga tagapagsalin ng salita>

Sa mga nakatapos sa kurso ng tagapagsalin ng salita, ipinalilista ang mga nais maglingkod bilang tagapagsalin ng salita sa komunidad, at ipanakikilala sila sa mga samahang ng mga abugado at iba pang mga pampublikong samahan bilang tagapagsalin ng salita sa komunidad.



Pagsulong ng gawain ng mga boluntaryong tagapagsalin ng wika

Nagpapalista ang mga manggagawa ng Pamantasan, mga estudyante ng kurso para sa mga nakatapos, at mga nagtapos bilang boluntaryong tagapagsalin ng salita. Ang mga boluntaryong ito ay tumutulong sa mga gawain na binalangkas ng Tokyo Supporting Network para sa mga dayuhang residente (tulad ng Serbisyong pagsangguni ng mga dalubhasa para sa mga dayuhan residente) sa pamamagitan ng pagsasagawa ng programa at pagsasalin ng mga wika para sa pagsangguning legal na isinasagawa ng samahan ng mga abugado.

Ang pagsasanay ay isinasagawa kasama ng panauhin dalubhasang tagapagsalita upang itaguyod ang pangbansang ugnayan ng mga boluntaryong tagapagsalin ng salita mula sa Pamantasan.



Pagsangguning legal sa pamamagitan ng telepono

Pagsasanay ng mga boluntaryong tagapagsalin ng salita

Paggawa ng mga materyales ng pag-aaral para sa mga batang dayuhan

Sinimulan ang isang proyekto noong taong 2006 upang paunlarin ang mga materyales ng pag-aaral para sa mga batang dayuhan. Nakakatulong ang mga materyales na ito sa kanilang pag-aaral ng sentro ng asignatura at wikang Hapon. Ito ay isinalin sa wikang Portugue, wikang Filipino, wikang español at wikang Vietnames at nakalathala sa internet. Ang mga materyales na ito ay maaaring i-download nang libre.

URL para sa materyales ng pag-aaral para sa batang dayuhan:

http://www.tufs.ac.jp/blog/ts/g/cemmer/social_02.html



外国につながる子どもたちのための教材

検索

Pananaliksik

Programa ng pakikipagtulungan sa praktikal na pananaliksik

Ang programa ng pananaliksik ng Tanggapan ay dinisenyo upang humanap ng solusyon sa mga problemang idinudulot ng pagdami ng wika at kultura sa lipunan sa pamamagitan ng pakikipagtulungan ng mga mananaliksik at mga dalubhasa gamit ang kani-kanilang kaalaman. Ito ang natatanging katangian sa programa ng pananaliksik ng Tanggapan.

Ang programa ng pananaliksik ay ginagawa sa mga sumusunod na larangan:


1. Sa punong tagapag-ayos ng lipunang may iba't ibang kultura
2. Sa tagapagsalin ng salita sa komunidad
3. Sa responsibilidad ng Pamantasan sa pagpapaunlad ng mga dalubhasa sa lipunang may iba't ibang wika at kultura

Ang layunin ng proyektong ito ay pagpapaunlad ng mga dalubhasa na may talento sa wika at kultura na tumutulong bilang punong tagapag-ayos ng lipunang may iba't ibang kultura, tagapagsalin ng salita sa komunidad,

o tagapagturo ng wikang Hapon sa mga batang dayuhan at sa komunidad. Inaasahan ang karagdadagang pagpapaunlad para sa unang dalawang dalubhasa. Hindi lamang isinusulong ang pagpapaunlad ng mga punong tagapag-ayos ng lipunang may iba't ibang kultura at ng tagapagsalin ng salita sa komunidad, kundi dapat ding isulong ang pagpapa-unlad ng kurikulum para sa programa ng pagsasanay. Kailangan ding suriin ang pamantayan ng pagpapatunay upang patatagin ang sistema.

Bilang pangunahing pagsasaliksik na sumusuporta sa pagpapaunlad ng dalawang uri ng dalubhasa, isinusulong ang pagsasaliksik na may temang "Ang responsibilidad ng Pamantasan sa pagpapaunlad ng mga dalubhasa ng lipunang may iba't ibang wika at kultura". Ang layunin ng pangunahing pagsasaliksik na ito ay kilalanin kung paano makakatulong ang mataas na edukasyon sa paglikha at pagpapalaganap ng natatanging kaalaman patungkol sa lipunan kung saan mabilis na dumarami ang mga wika at kultura.

[Larawan ng programa ng pakikipagtulungan sa praktikal na pananaliksik]



Pagganap ng pambansang pagtitipon tungkol sa pakikipagtulungan sa praktikal na pananaliksik

Ang resulta ng pakikipagtulungan sa praktikal na pananaliksik ay ibinabahagi sa pagtitipon at nagkaroon ng pagtatalakayan ng mga mananaliksik at ng mga dalubhasa na may karanasan sa mga isyu ng lipunang may iba't ibang kultura sa buong bansa. Sa pamamagitan nito, maisusulong ang pagtatatag ng pambansang ugnayan.



Paglathala ng pahayagan ng pananaliksik

Ang "Iba't ibang wika at kultura-pagsasagawa at pananaliksik" ay pahayagan ng pananaliksik na inilathala ng Tanggapan na sinuri ng mga nasa larangan. Ang pahayagang ito ay nagbibigay ng iba't ibang pananaw sa mga bumabasa patungkol sa lipunang may iba't ibang wika at kultura sa pamamagitan ng pananaliksik na isinagawa ng higit sa pangkasalukuyang bahagdan sa larangan ng akademya. Sa pamamagitan ng pahayagang ito, malalaman ang kahalagahan ng bunga ng pananaliksik sa pamamagitan ng dalubhasa at mananaliksik sa lipunan upang mapabuti ang pagsasagawa sa pinaggaganapan.

Ang Sistema ng Center fellow

Ang "Center fellow" ay ang bagong mga mananaliksik at dalubhasang hindi kasapi ng kahit anong institusyon ng pananaliksik na inatasan ng Pamantasan. Sa pamamagitan ng pagsuporta sa mga pananaliksik ng mga Center fellow, inaasahang mapalakas lalo ang Operasyon ng Tanggapan.

シリーズ 多言語・多文化協働実践研究 (A5判111~140ページ)

本センターでは2006年から多分野の専門家と現場の実践者が協働することにより、日本の多文化社会の課題解決をめざす「協働実践研究プログラム」を展開してきました。06年度には課題の抽出を行い、07-08年度は5つの研究班によって課題を掘り下げ、09-10年度は3チーム編成でより実践的な研究に取り組みました。その成果を「シリーズ多言語・多文化協働実践研究」全14冊にまとめました。

1. 時はいま、「協働実践研究」はじめての歩
—非取寄型研究と社会参加—第1回 協働実践研究全国フォーラム・全体会
2. 共生社会に向けた協働のモデルを目指して
—長野県上田市 在住外国人支援から見えてきた課題と展望—
3. 越境する市民活動～外国人相談の現場から～ 行政区を超えた連携
—東京都町田市・神奈川県相模原市—
4. 外国につながる子どもたちをどう支えるのか
—当事者も参加した拠点・ネットワークの構築 —川崎市での実践— (残部なし)
5. 地域日本語教育から考える共生のまちづくり
—言語を媒介に共に学ぶプログラムとは—
6. コーディネーターって、なんだ!?
—多文化社会での役割・専門性・育成プログラム—
7. 共生社会に向けた協働のモデルづくり
—長野県上田市、企業・日系ブラジル人家族の調査から見えてきた第二世代育成の視点—
8. 越境する市民活動と自治体の多文化共生政策
—外国につながる子どもの支援活動から—
9. 外国につながる子どもたちの教育を地域から育む試み
—地域、学校、行政、当事者の協働実践モデルの構築を目指して—
10. 共生のまちづくりに向けた地域日本語教育プログラム
—長野県上田市と東京都足立区の実践から—
11. これがコーディネーターだ!
—多文化社会におけるコーディネーターの専門性と形成の視点—
12. 地域における越境的な「つながり」の創出に向けて
—横浜市鶴見区にみる多文化共生の現状と課題—
13. 共生社会に向けた協働の地域づくり
—「協働型居場所づくり尺度」の開発～長野県上田市における実践と研究—
14. 多文化社会コーディネーターの専門性をどう形成するか



シリーズ 多言語・多文化協働実践研究 別冊 (A5判112~155ページ)

2007-2009年度に文部科学省委託事業として実施した「多文化社会コーディネーター養成プログラム」と、本学語学ボランティアが参加している「外国人相談事業」についてそれぞれまとめました。

- 別冊 1 多文化社会に求められる人材とは?
「多文化社会コーディネーター養成プログラム」
—その専門性と力量形成の取り組み—
- 別冊 2 外国人相談事業 実践のノウハウとその担い手
～連携・協働・ネットワークづくり～
- 別冊 3 多文化社会コーディネーター 専門性と社会的役割
—「多文化社会コーディネーター養成プログラム」の取り組みから—



研究誌 多言語多文化—実践と研究 (A5判)

多言語・多文化化する社会における課題を直視し解決策を考える研究者と実践者による投稿論文集(年刊)




多言語・多文化ブックレット (A5判55~69ページ)

1. 多言語・多文化社会の到来に向けて
—多言語・多文化教育研究センター開所記念シンポジウム—
2. 外国人労働者をどう受け入れるのか?
—「くにかた」と「まちづくり」—
3. 外国とつながりのある子どもたち
—多言語・多文化化する教室と心理臨床の現場から—
4. 異言語・異文化の中で暮らす
—情報流通と法律相談の現場から—
5. 多文化社会への「構想力」を身に付ける
—コーディネーターの資質と役割—
6. 文化間対立の超克を目指して
—現場で考える教育と人材養成—



Organisasyon ng Tanggapan para sa edukasyon at pananaliksik ng iba't ibang wika at kultura


Ang mga proyektong isinasagawa ng Tanggapan ay pinapahintulutan ng Lupon ng pangangasiwa na binubuo ng mga guro ng Pamantasan at isinasagawa ng Lupon ng tagapayo ng Tanggapan. Ang mga gawaing may kaugnayan sa edukasyon, pananaliksik at panglipunang samahan ay pinapatakbo ng Lupon ng tagapayo ng Tanggapan sa bawat larangan ng mga gawain.



Ang mga miyembro ng Lupon ng tagapayo ng Tanggapan

Toru Aoyama	Direktor (Propesor ng mga guro ng pag-aaral ng ibang bansa) study
Chika Takeda	Ikalawang direktor (Propesor ng mga guro ng pag-aaral ng ibang bansa)
Michiko Sugisawa	Punong tagapag-ayos ng mga proyekto (Mananaliksik sa Tanggapan)
Minoru Naito	Natatanging tagapagturo (Guro sa Tanggapan)
Mika Hasebe	Natatanging tagapagturo (Guro sa Tanggapan)

Transportasyon



- ◆ Lumipat mula sa Linyang Chuo sa Linyang Seibu-Tamagawa sa estasyon ng Musashisakai at bumaba sa estasyon ng Tamai. Lumakad nang 5 minuto mula doon. (Mga 40 minuto mula sa estasyon ng Shinjuku ng Linyang JR.)
- ◆ Sumakay sa Keio bus mula sa estasyon ng Tobitakyu ng Linyang Keio at bumaba sa tigilan ng Tokyo Gaikokugo Daigaku-mae. (Mga 10 minutos bago makarating)



* Ang mga impormasyong ukol sa mga pangyayari at pangangalap ay nakalagay sa magasin ng email. (Iniisyu isa o dalawang beses bawat buwan) Magrehisto/magpalista sa site upang matanggap ang magasin sa iyong address ng email.

多言語・多文化教育

検索

Paaralan ng wikang dayuhan ng Pamantasan ng Tokyo Tanggapan para sa edukasyon at pananaliksik ng iba't ibang wika at kultura (Ipinalathala: Abril 2012)

Silid 319 Gusali para sa pananaliksik at pagtuturo Paaralan ng wikang dayuhan ng Pamantasan ng Tokyo 3-11-1 Asahi-cho, Fuchu-shi, Tokyo 183-8534
Tel. 042-330-5441 Fax. 042-330-5448 Email: tc@tufs.ac.jp URL: <http://www.tufs.ac.jp/blog/ts/g/cemmer/>